



*Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California
Libreng Tawag (800) 776-57446*

Mga Limitadong Pagkandili at mga Alternatibo

Oktubre 2015, Lat. #5578.08

1. Ano ang pagkandili (conservatorship)?

Ang pagkandili ay isang proseso ng korte kung saan nagpapasya ang hukom kung ikaw ay mayroon o walang kakayahan na pangalagaan ang iyong kalusugan, pagkain, pananamit, tirahan, pananalapi, o personal na pangangailangan. Maaaring kunin ng isang hukom ang ilan sa mga mahahalagang karapatan na ito mula sa iyo. Isang responsableng tao ang maaaring italaga ng hukom sa iyo upang gumawa ng mga pasya para sa iyo. Tinatawag na “tagakandili” (conservator) ang taong ito ng korte. Tinatawag ka bilang “kinakandili” (conservatee) ng korte. Ang mga pagkandili ay para lamang sa mga taong 18 taon gulang at pataas.

2. Ano ang iba’t ibang uri ng pagkandili?

May ilang mga uri ng pagkandili sa California:

- Pangkalahatang Paghahabilin na Pagkandili (General Probate Conservatorship)

<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/523001.pdf>

- Batas ng Lanterman Petris Short (Lanterman Petris Short Act)

<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/522501.htm>

- Pagkandili para sa Dementia (Dementia Conservatorship)

<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/522601.pdf>

- Limitadong Pagkandili (Limited Conservatorship)

3. Ano ang limitadong pagkandili?

Ang limitadong pagkandili ay isang uri ng pagkandili na binuo para sa mga taong may kapansanan sa pagsulong. Ginawa ito upang masiguro na ikaw ay makapagsasarili at may kasarinlan hangga't maaari. Pinahihintulutan nito na mapanatili mo ang ilan sa mga karapatan upang makagawa ka ng ilang desisyon tungkol sa iyong buhay. Ang hukom ang magpapasya kung anong mga desisyon ang gagawin ng tagakandili.

4. Sino ang maaaring italaga bilang iyong limitadong tagakandili?

Ang limitadong tagakandili ay dapat na 18 taong gulang o pataas at kumikilos para sa iyong pinakamabuting interes. Maaari kang magmungkahi ng iyong kakilala gaya ng kapamilya o kaibigan, subali't ang hukom ang magpapasya kung sino ang magiging limitadong tagakandili mo. Maaaring magtalaga ang hukom ng mahigit sa isang limitadong tagakandili (ka- tagakandili). Sa ilang mga kaso, isang pribadong propesyunal na tagakandili ang itinatalaga. Maaaring matalaga ang pampublikong tagapag-alaga ng county kung walang iba pa na makuha.

5. Paaano itinatatag ang limitadong pagkandili?

- Magsasampa ng petisyon ang iminumungkahing tagakandili sa korte.
- Isang kopya ng petisyon ang dapat na ibigay sa iyo.
- Ang mga kopya ng petisyon ay ipapadala sa ilan sa iyong mga kamag-anak at mga ahensya gaya ng sentrong pang-rehiyon (regional center).
- Isang imbestigador ng korte ang itatalaga sa iyong kaso.
- Kailangan mong dumalo sa paglilitis, maliban kung aprubahan ng hukom ang eksepsyon.
- Magtatalaga ang hukom ng abogado upang kumatawan sa iyo.

6. Ano ang tungkulin ng imbestigador ng korte sa proseso ng limitadong pagkandili?

Ang imbestigador ng korte ay dapat na:

- Ipaliwanag at pag-aralan ang petisyon sa iyo.
- Panayamin ka at sabihin sa iyo ang tungkol sa proseso ng pagkandili.
- Alamin kung ikaw ay:
 - May kakayahang dumalo ng paglilitis,
 - Nais na hamunin ang pagkandili,
 - Tumututol sa iminumungkahing tagakandili o mas gusto ang iba pang tao.

7. Ano ang tungkulin ng sentrong panrehiyon sa limitadong pagkandili?

Sa iyong pahintulot, ang sentrong panrehiyon ay dapat na tasahin at magsumite ng isang ulat sa korte. Dapat na kasama sa ulat ang:

- Ang uri/antas ng iyong kapansanan.
- Anong tulong ang kailangan mo.
- Ang iyong pisikal na kondisyon.
- Ang kondisyon ng iyong pang-isip at panlipunang kapakanan.
- Mga rekomendasyon tungkol sa mga tukoy na karapatan na hiniling sa petisyon.

Kung ang iminumungkahing tagakandili ay isang tagapagbigay ng serbisyo, ang ulat ay dapat na

- may kasamang komento tungkol sa kung ang tagapagbigay ng serbisyo ay angkop upang tugunan ang iyong mga pangangailangan.
- Isang kopya ng ulat ang dapat na ipadala sa iyo at sa iyong abogado ng hindi bababa sa 5 araw bago ang paglilitis.

8. Ano ang mga karapatan ko sa proseso ng limitadong pagkandili?

May karapatan ka na:

- Masabihan kung ano ang mga karapatan na aalisin at kung paano maaapektuhan ng pagkandili ang iyong mga karapatan.
- Makatanggap ng abiso at kopya ng petisyon ng pagkandili ng hindi bababa sa 15 araw bago ang paglilitis sa korte.
- Magkaroon ng abogado na kakatawan sa iyo. Kung wala kang abogado, dapat na magtalaga ang hukom ng isa para sa iyo.
- Makatanggap ng kopya ng anumang mga ulat na ibinigay sa hukom ng iyong pamilya, mga kaibigan, sentrong panrehiyon at iba pa.
- Makadalo sa paglilitis ng pagkandili.
- Hamunin ang pagkandili.
- Magkaroon ng huradong paglilitis kung hihilingin ito.

9. Anong mga karapatan ang maaaring kunin ng hukom sa isang limitadong pagkandili?

Maaaring alisin ng hukom ang ilan o lahat ng mga karapatang ito:

- Magpasya ng tirahan.
- Magkaroon ng akses sa mga kumpidensyal na tala.
- Mag-asawa.
- Pumasok sa mga kontrata.
- Magbigay ng pahintulot sa mga medikal na paggamot.
- Kontrolin ang mga panlipunan at sekswal na ugnayan.
- Gumawa ng mga pasyang pang-edukason.

10. Paano ko ipapakita na hindi ko kailangan ng tagakandili?

Maaari mong ipakita na kaya mong pangalagaan ang iyong kalusugan, pagkain, pananamit, tirahan, pananalapi, o mga personal na pangangailangan. Maaari kang gumamit ng mga suporta at serbisyo gaya ng mga alternatibo sa pagkandili kabilang na ang mga suportadong pagdedesisyon upang tulungan ka. Tingnan ang tanong 12 para sa listahan ng mga alternatibo sa pagkandili.

11. Kung mapag-alaman ng korte na kailangan ko ng limitadong tagakandili, ano ang mga tungkulin at responsibilidad ng tagakandili?

Ang tagakandili ay may mataas na tungkulin na gawin ang kung ano ang iniatas sa kanya ng hukom na gawin, yun ay ang gumawa ng mga desisyon para sa iyong pinakamabuting interes. Maaaring kasama rito ang:

- Pagtulong sa iyo na makakuha ng mga serbisyong pangsuporta, edukasyon, medikal at iba pang mga serbisyo na makakatulong sa iyo na na magsarili hangga't maaari.
- Tumugon sa mga krisis kung kinakailangan.
- Tumulong sa iyo na pangasiwaan ang iyong mga personal at pinansyal na pangangailangan.

12. Ano ang mga mas maluluwag na alternatibo sa isang limitadong pagkandili?

Bago humiling ang isang tao sa korte upang maging tagakandili mo, ang tao na ito ay kinakailangan na, ayon sa batas, magsaalang-alang ng mga alternatibo. Maaaring ipagpaliban o tanggalin ng mga alternatibo ang pangangailangan para sa isang pagkandili.

Mga Pangkalahatang Alternatibo

Suportadong Pagdedesisyon:

Ang Suportadong Pagdedesisyon (SDM, Supported Decision-Making) ay kung ginagamit mo ang iyong mga pinagkakatiwalaang kaibigan, kapamilya at mga propesyunal upang tulungan ka na maunawaan ang sitwasyon at mga pagpipilian sa iyong buhay. Isa itong paraan upang dagdagan ang iyong kasarinlan. Hinihikayat at binibigyan ka nito ng kapangyarihan na magdedesisyon tungkol sa iyong buhay hangga't maaari. Ang SDM ang kung paano nagdedesisyon sa pang-araw-araw ang mga nasa wastong gulang. Ang SDM din ay:

- Tumutulong na may mangyari sa iyong buhay.
- Tumutulong sa iyo upang makapili ng tungkol sa kung saan, paano at sino ang kasama mong maninirahan.
- Tumutulong sa iyo na makapagdedesisyon kung saan mo gustong magtrabaho.
- Tumutulong sa iyo na gumawa ng mga aksyon sa iyong buhay sa halip na ibang tao ang gagawa para sa iyo.
- Pinahihintulutan ka na magkaroon ng mas positibong kalidad ng buhay.
- Dagdagan ang iyong mga oportunidad na magkatrabaho, kasarinlan sa araw-araw na pamumuhay, at pakikisama sa lipunan.

Pangmatagalang Kapangyarihan ng Abogado (Durable Power of Attorney):

Ito ay isang legal na dokumento kung saan nagbibigay ka sa taong pinagkakatiwalaan mo ng legal na karapatan na gumawa ng mga desisyon para sa iyo. Isang paraan ito para sa iyo na makakuha ng tulong sa mga suporta at serbisyong kinakailangang mo upang makapagsarili. Maaari kang magbigay sa sinuman ng karapatan na gumawa ng isang klase ng desisyon, gaya ng medikal at pinansyal, o bigyan sila ng karapatan na gumawa ng parehong klase ng desisyon

Iba pang mga Pangkalahatang Alternatibo:

- Maaari kang sumali sa mga grupong nagtataguyod gaya ng People First, o kumuha ng pagsasanay sa sariling pagtataguyod na tutulong

sa iyo na matuto kung paano makipag-ugnayan at itaguyod kung ano ang iyong kailangan.

- Maaari mong isulat ang iyong mga pagpipilian sa iyong IEP o IPP.
- Maaari kang maghanda para sa iyong Programa ng Naisasariling Edukasyon (IEP, Individualized Education Program) o Plano ng Naisasariling Programa (IPP, Individualized Program Plan) sa pamamagitan pagsasanay ng kunwaring tungkulin at pagtalakay tungkol sa kung ano ang mga pangangailangan at ninanais mo sa isang taong pinagkakatiwalaan mo.
- Maaari kang humanap ng mga tagapangasiwa na tutulong sa iyong gumawa ng mga desisyon.

Mga Tukoy na Alternatibo

Mga alternatibo para makakuha ng mga serbisyo sa iyong IEP o IPP:

May karapatan ka na mag-imbita ng mga tao sa iyong pulong ng IEP o IPP na susuporta sa iyo sa pagtaguyod para sa mga serbisyong kailangan mo upang makapagsarili. Ang mga tagapagtaguyod ay maaaring:

- Iyong tagapag-ugnay ng serbisyo.
- Iyong pamilya at mga tao sa iyong grupo ng suporta.
- Isang nagsanay na tagapagtaguyod.

Ang mga alternatibo sa pagdedesisyon kung saan ka at sino ang kasama mong maninirahan:

- Talakayin ang iyong mga nais at opsyon/pagpipilian kasama ng taong pinagkakatiwalaan mo gaya ng iyong:
 - Grupo ng suporta (mga taong pinagkakatiwalaan mo at sumusuporta sa iyo).
 - Mga tapagbigay ng Mga Serbisyo ng Malayang Pamumuhay (ILS, Independent Living Services).
 - Mga tapagbigay ng Mga Serbisyo ng Suportadong Pamumuhay (SLS, Supported Living Services).

- Mga kawani ng Pasilidad ng Pangangalaga sa Komunidad o Pasilidad ng Intermedyang Pangangalaga (Intermediate Care Facility).
- Magtanong sa mga pinagkakatiwalaang tao kung paano ka makakukuha ng tulong sa pagrenta o pag-apply para sa Tulong sa Pamublikong Pabahay (Public Housing Assistance).
- Magtaguyod sa iyong IPP at ipasulat ang iyong mga pinili sa iyong IPP.

Mga alternatibo para sa akses sa iyong kumpidensyal na impormasyon:

Kung nais mo na isang taong pinagkakatiwalaan mo ang kumuha ng iyong mga impormasyon, maaari kang magbigay ng pahintulot sa pamamagitan ng isa sa mga opsyon na ito:

- Lumagda sa isang form ng medikal na pagpapalaya ng Batas ng Kaluwagan at Pananagutan ng Seguro ng Kalusugan (HIPAA, Health Insurance Portability and Accountability Act).
- Pumirma ng form ng pahintulot sa pagpapalaya para sa iyong impormasyon o ulat.
- Ikaw at ang isa pang tao ay maaaring magkasamang tumawag sa ahensiya at ibigay ang iyong permiso sa pamamagitan ng telepono.

Mga alternatibong tulong sa pangangasiwa ng iyong pera:

- Maaari kang pumirma ng kapangyarihan ng abogado para sa pananalapi. Nag-aawtorisa ito sa isang tao na pinagkakatiwalaan mo na gumawa ng mga desisyon sa iyong pananalapi at pera. Ang kapangyarihan ng abogado para sa pananalapi ay dapat na nanotaryo. Maaari mo itong tapusin kung kailan mo gusto.
- Maaari kang mamili ng sinuman upang maging kinatawan mong magbabayad para sa benepisyo ng Dagdag na Seguridad ng Kita (SSI, Supplemental Security Income)/Sosyal na Kaligtasan (Social Security).
- May mga batas na upang tulungan kang protektahan ang iyong mga benepisyo sa SSI/Social Security.

- Maaari kang sumulat ng mga serbisyo sa iyong IPP upang tulungan ka na pangasiwaan ang iyong pera, gaya ng iyong mangagawa ng serbisyo ng malayang pamumuhay.
- Isang Trust ng Espesyal na Pangangailangan (Special Needs Trust). Ang isang tagapangasiwa ay papangasiwaan ang iyong pera.
- Mga magkasamang account sa bangko: maaari ka ring magtatag ng isang magkasamang account kasama ng isang taong iyong pinagkakatiwalaan upang tulungan kang magsulat ng tseke, magdeposito at magwithdraw ng pera.

Mga alternatibo upang tulungan ka sa iyong mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan:

- Maaari kang pumirma ng isang Direktiba ng Paunang Pangangalaga ng Kalusugan (Advance Health Care Directive), upang masunod ang iyong mga nais. Nangangailangan ito ng dalawang pirma ng testigo o napanotaryo at maaaring palitan o tapusin anumang oras na gusto mo.
- Dahil ikaw ang pasyente, dapat na sabihin ng doktor sa iyo ang mga peligro at benepisyo ng paggamot, ibang mga paggamot na makukuha at kung ano ang mangyayari kung walang paggamot
- Kung hindi ka makapagdesisyon:
 - Ang pinakamalapit mong kamag-anak na maaari (gaya ng isang magulang) ay pwedeng mag-awtorisa ng pangangalaga sa kalusugan.
 - Ang iyong sentrong pangrehiyon ay maaaring mag-awtorisa ng ilang pangangalagang medikal, kirurhiko, o dental sa ilang sitwasyon.
 - Ang mga doctor o dentista ay maaaring magpasya kapag may emerhensiya.
- Isang awtorisasyon ng korte ang kinakailangan para sa mga tukoy na medikal na operasyon.
- Kung ikaw ay isang residente sa Pasilidad ng Masulong na Pangangalaga (ICF, Intermediate Care Facility)/ Pasilidad ng May Kasanayang Pangangalaga (SNF, Skilled Nursing Facility), isang maramihang espesyalidad na grupo na maaaring mag-apruba ng

medikal na paggamot, kung walang sinuman ang may legal na awtoridad para gumawa ng mga medikal na desisyon.

Mga alternatibo upang tulungan ka sa iyong panlipunan/sekswal na relasyon:

Maaaring kabilang sa mga serbisyo sa iyong IEP o IPP ang mga suporta upang tulungan ka sa mga relasyon, gaya ng pagpapayo, mga serbisyo para sa pagsasarili, at mga serbisyo para sa suportadong pamumuhay. Maaari ka ring makakuha ng edukasyon sa mga larangan ng panlipunang kakayahan, kamalayan sa kaligtasan at kung paano magkaroon ng malusog na relasyon sa iba. Maaaring kasama sa mga relasyong ito ang mga nobyo at nobya.

Mga alternatibo upang tulungan ka sa iyong mga pang-edukasyon na desisyon:

Maaari kang magbigay sa taong pinagkakatiwalaan mo ng karapatan na gumawa ng iyong mga pang-edukasyon na desisyon. Maaari kang magkaroon ng pangmatagalang kapangyarihan ng abogado o isang pagtatalaga ng awtoridad sa pang-edukasyon na pagpapasya.

Mga alternatibo upang tulungan kang magsampa ng kaso sa korte:

Kung kailangan mong magsampa ng kaso sa korte, maaaring magtalaga ang korte ng isang tao upang tulungan kang kausapin ang iyong abogado at mag-asikaso sa korte. Ang taong ito ay tinatawag na Tagapag-alaga para sa mga legal na pagkilos lamang (Guardian ad Litem). Ang Tagapag-alaga para sa mga legal na pagkilos lamang ang kakatawan sa iyo sa korte kung hindi ka makapupunta sa korte o hindi mo maiintindihan.

13. Kailangan ko bang magbayad ng mga bayarin at singil sa korte sa aking kaso ng pagkandili?

Aalamin ng korte kung kailangan mong magbayad ng mga bayarin sa pagsampa, singil sa legal na mga serbisyo at mga gastos sa korte.

14. Anong mga kapangyarihan ang HINDI maaaring gawin sa limitadong pagkandili?

Ang tagakandili ay hindi maaaring:

- Kontrolin ang iyong mga sahod sa trabaho o suweldo,
- Mag-apruba ng mga mapanganib na medikal na paggamot,
- Puwersahin ang terapiyang medikasyon sa iyo,
- Ipa-isterila ka upang hindi ka magkaanak,
- Ipasok ka sa isang institusyon,
- Sumang-ayon sa pangunguryenteng terapiya (ECT, electroconvulsive shock therapy),
- Sumang-ayon sa psychotherapy
- Magkaroon ng iba pang mga kapangyarihan na HINDI tukoy na iniutos ng korte.

15. Anong mga karapatan ang mapapanatili ko sa isang limitadong pagkandili?

Mapapanatili mo ang iyong karapatan na:

- Pangasiwaan ang iyong sahod o suweldo,
- Gumawa o baguhin ang habilin upang masabi kung kanino mapupunta ang iyong mga personal na gamit pag ikaw ay namatay,
- Mag-asawa maliban kung tukoy na inialis ng hukom ang karapatang iyon,
- Makatanggap ng personal na sulat,
- Bumoto maliban kung tukoy na inialis ng hukom ang karapatang iyon,
- Maikatawan ng abogado,
- Makahiling ng bagong tagakandili,
- Makahiling na tapusin ang pagkandili.

16. Ano ang pwede kong gawin kung hindi ako sumasang-ayon sa aking tagakandili at nasi ko nang tapusin ang limitadong pagkandili?

- Tawagan ang iyong abogado, inihabiling imbestigador ng korte, sentrong pangrehiyon, pang-araw na programa, kawani ng suporta, o Samahan na Binubuo ng mga Gawaing Regulasyon (OCRA, Organization Comprised of Regulatory Affairs).
- Humiling ng paglilitis sa korte.
- Humiling sa tagapag-ugnay ng serbisyo ng sentrong (regional service center coordinator) pangrehiyon para sa isang pulong ng IPP.

17. Kailan matatapos ang isang limitadong pagkandili?

- Kapag tinapos nang hukom
- Sa pagkamatay ng tagakandili o kinakandili.
- Isang utos ng korte na nagsasabing ang limitadong pagkandili ay hindi na kinakailangan.
- Magsampa sa korte ang tagakandili ng petisyon upang magbitiw.

18. Paano ako matutulungan ng Tagataguyod ng Karapatan ng Kliyente (Clients' Rights Advocate)?

Makakatulong ang Tagataguyod ng Karapatan ng Kliyente sa pamamagitan ng:

- Pagsabi sa iyo ng mga karapatan mo,
- Pagsabi sa iyo o sa iyong pamilya ng tungkol sa mga alternatibo ng limitadong pagkandili.
- Pakikipag-usap o pagtulong sa iyo na kausapin ang iyong abogado, inihabiling imbestigador ng korte at iba pang makatutulong sa iyo.

19. Paano ko malalaman kung ang isang limitaong pagkandili ay iniutos ng hukom?

- Makakatanggap ka ng kopya ng utos ng hukom.

- Sasabihin sa iyo ng utos ng hukom kung anong mga karapatan ang naibigay sa tagakandili.

20. Paano malalaman ng iba na mayroon akong tagakandili?

Dapat na ibigay ng tagakandili sa ibang tao ang opisyal na kopya ng **mga Sulat ng Pagkandili (Letters of Conservatorship)**. Dapat kasama sa opisyal na kopya ay ang nakumpletong bahagi ng pagpapatunay sa **mga Sulat ng Pagkandili** bago sila ituring na tagakandili.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa

Disability Rights California

Toll Free: (800) 776-5746

**Tanggapan ng Tagapagtanggol ng mga Karapatan ng
Kliyente**

Toll Free: (800) 390-7032

Ang Mga Karapatan ng May Kapansanan sa California ay pinopondohan ng iba't ibang pinagmulan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpondo, pumunta sa [http://www.disabilityrightsca.org Documents/ListofGrantsAndContracts.html](http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html).